# Ang Pulitika sa Dalumat ng Estetika: Re-imahinasyon sa Identidad at Kasarian ng mga Bakla sa Dula at Pelikulang Pilipino*

ROMMEL B. RODRIGUEZ

For years, most voices from the gay liberation movement were made basically to counter oppression and homophobia. This "fallen state" of the gay community has been used as springboard of actions for change and "gay studies." This approach has failed to provide definitive philosophical answers to basic questions on gender identity—the identity of the individual and his/her work, particularly in the Philippine context. Rodriguez sees a trap in the obsession with this kind of liberation and looking at gays as "special persons." Oppression, although an essential element in the gay experience, is merely symptom, he contends. This paper seeks to make a radical departure from the traditional oppression-based discourse on homosexuality en route to a deeper, indigenous aesthetics, gender studies and a new way of looking at the *bakla*.

Initially the paper used the idea of gender as a social construct woven by collective consciousness. Accordingly, it is also acted upon by power relations which is the province of politics. This is where issues on oppression can be drawn. Aesthetics is rooted in politics. Society accepts and prohibits actions of its members based on their gender, which is what aesthetics, or that by which society imposes what is acceptable or not, is all about. A gender can be considered unacceptable and something to be suppressed. Plays and films support or contest this construction on that gender.

The author noted the strong metaphor of the castrated male in gay plays and films. This means the stereotypical depiction of the *bakla* as hysterical, a disease, laughable and abnormal. The author says this is necessary to give shape to the *bakla* being an outcast and to the heterosexual as normal. However to make this oppression as basis for the movement for change would leave out questions that would still need to be answered even after the oppression is over, questions such as what is the *bakla* as gender?

Rodriguez then puts forward the concept of "sign" to define the *bakla* gender using plays and films. He says that plays and films are a sign or symbols, although arbitrary, for society. From these works can be gleaned overt and hidden discourses on the social castration of the *bakla*, whether these works contest or unconsciously support such castration. However, Rodriguez contends that these works must be seen beyond their representational or ethic aspect—ethic meaning a more liberating way of looking at the *bakla* as gender.

He makes a radical departure from these aspects by saying that gender is not the issue but sexual difference is. Citing Moira Gatens, he says that it is body that create and dictate social acts, and culture at the same time. The body creates society and not otherwise. This kind of change in consciousness is what Rodriguez contends as necessary in the problematization and theorization regarding the *bakla*. He contends that the *bakla* quality, therefore, is not a matter of gender identity but of sexual difference. To pin the issue at identity, he says, would result only in the further "boxing" of the *bakla*, the kind which is binary, or which makes one one, if it is not the other.

* The author is a recipient of the Kasarinlan Writing Grant.

Rodriguez then views art—plays and films—as that which lays down the materials for this discursive path. Plays and films are text that lays itself down as channel through which the viewers realize their imagination particularly on the issue of the gender identity of the *bakla* and issue of sexual difference.

Rodriguez then suggests this kind of discourse "consciousness" by which to view the plays and films he had selected. In providing contexts for the analysis of the works, he exemplifies what he calls as drawing out and drafting of an aesthetics and criticism on gay films and plays. Analysis of the character still grounds itself on the traditional way a character is viewed based on his relations with him – or herself (body and consciousness), other characters and his/her environment (society).

His last chapter features the need for historical tracking of the conceptualization of the *bakla* in the Philippines en route to a re-imagining of it. Rodriguez suggests a sexual reading (body as channel of discourse) of the historical texts, which he says, clearly lay out discourse on the *bakla* subject. The *bakla* will therefore be re-imagined as a sexual text within the literary history of the Philippines. Rodriguez says this historical conception of *bakla* literature should also be moored on the context of society and popular culture, therefore leading to a re-imagining the *bakla* as a cultural text. He suggested the collection of testimonials from the gay writers. From all these a re-imagination of the *bakla* can be made: an indigenous awareness, criticism and theorization of *bakla* literature and, in general, of *bakla* as gender.

## Ang Pulitika sa Diskurso ng Kasarian

Ang lipunan, bilang kolektibong konstruksyon ng tao ay napapaloob sa iba't ibang yugto at antas na pagdadalumat. Sa lipunan maaaring ikawing ang kamalayan ng taong humubog dito kung saan nagsasagawa ng mga batayang anyo at konsepto ng magmimistulang maayos at di-kumplikadong lipunan. Subalit sa nagmimistulang simpleng kaayusan ng lipunan, nabubura o napapalabo ang mga itinatago nitong kumpleksidad na higit na magpapaliwanag ng mga pangyayari sa lipunan tungo sa mas malaya at mapanuring pagbabalangkas nito. Dito nahuhubog ang estetika at ang pulitika ng konstruksyon ng identidad at ng kasarian. At dahil sa ang sining ay isa sa mga ahensya ng lipunan tungo sa patuloy na pagbubuo ng sala-salabat na yugto at antas ng konstruksyon, maaari itong maging lundayan tungo rin sa muling pagtanaw sa pagbubuo ng identidad ng kasarian.

Tampok na layunin ng papel na ito ang tatlong mahahalagang ideya. Una na ang pagsipat sa kasarian bilang panlipunang konstruksyon na habi ng kolektibong kamalayan na maaaring mabatid sa iba't ibang aspeto ng kultura na nakaangkla sa karanasan at kasaysayan ng Pilipinas. Magiging batayan ng bahaging ito ang ugnayan ng dula at pelikula sa lipunan bilang dalawang nagtatagpo at kung minsan

nagtutunggaling lundayan sa pagbubuo ng identidad at kasarian ng mga bakla. Ibig sabihin, sa lipunan, binubuo ang identidad at kasarian ng bakla at kung sa paanong paraan naman ito tinutunggali ng mga dula at pelikula, partikular ang mga dula at pelikulang nagpapalaya sa ikinakahon na identidad. Ikalawa ay ang paglalatag ng ilang tala sa ilang partikular na dula at pelikulang bakla na isinulat sa panahon ng pagpupunyagi sa itinuturing na *gay liberation movement* sa Pilipinas (mga huling taon ng dekada 1980s at naunang taon ng dekada 1990s). Kung tutuusin, masalimuot ang usapin ukol dito sapagkat may mga nagtutunggaliang opinyon ukol sa pagbubuo at pag-unlad ng *gay liberation movement* sa Pilipinas. Una na ang pagtingin dito bilang hilaw na liberasyon dahil sa mabilisan at agaran nitong pagtataguyod na tinitiningnan bilang biktima ng adbenturismo bukod pa sa pagtingin dito bilang dikta lamang ng mga nasa panggitnang-uring mga bakla sa lipunan (mga iskolar, intelektwal, alagad ng sining atbp.) na kung tutuusin ay nagsasantabi rin ng mga baklang di nakakaabot sa itinakda nilang pamantayan ng paglaya at pagpapalaya. At ang Ikatlo ay ang paghugot at pagbabalangkas ng estetika ng mga dula at pelikulang bakla. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng piling likhang sining na ito, iaangkla ang unang pagdadalumat at panimulang pag-aaral sa ugnayan ng dula, pelikula, lipunan, kasarian, pulitika at estetika.

## Bakit May Bawal, Bakit May Tanggap: Ang Radikal na Pagdadalumat sa Pulitika ng Kasarian

Sa patuloy na pagsasateoriya ng identidad at kasarian ng mga bakla, marapat lamang magkaroon ng paglilinaw sa mga batayang terminong di maaaring ihiwalay dito: pulitika, estetika at kapangyarihan.

Tinutukoy ng pulitika ang relasyong kapangyarihang nananaig sa ugnayan na ang batayan ay kasarian. Dito maaaring hanguin ang usapin ng opresyon, pagmamalabis, pagtatakda ng mga batayan at batas at panunupil sa mga isinasantabing kasarian. Tinutukoy naman ng estetika ang usapin kung ano ang katanggap-tanggap sa lipunan. Kung alin ang sinasang-ayunan ng batas na likha ng tao at mga batas na itinuturing na natural lamang, na kung tutuusin, tao rin ang lumikha. Dito nakapaloob halimbawa ang usapin ukol sa kasal, ang lehitimong pagtingin sa ugnayan heterosekswal at iba pa. Sakaling may pagtugon sa estetikang inilalatag ng lipunan, dito napapaloob ang gantimpala tulad ng lantarang pagtanggap. Sa kabilang dako, kapag nagkaroon naman ng pagbaklas

dito, mayroong nakalatag na parusa, mga lantad at metaporikal na parusa tulad ng binabanggit na *social castration*. Tinutukoy ang estetika bilang isang ideyalistang pilosopikal. Tumutugon ito sa nosyon ng mga prinsipyo ng panlasa, lalo na sa magandang panlasa, kung gayon, ng kagandahan. Nakaugnay din ang konseptong ito sa suhektibong pananaw ng sinumang indibidwal. Dito lumalampas ang usapin ng estetika sapagkat nakaugat din ang usaping ito sa kultura, pulitika at higit pa, sa usapin ng ekonomiya na may materyal na basehan. Ibig sabihin, dito sumusuong ang patuloy na pagdadalumat at pag-aaral upang maghawan ng mga paglilinaw. Dito maaaring iugat ang pagtatalaga ng kagandahan bilang lehitimong ahensya sa pagsasakatuparan ng kapangyarihan na nagbubunsod din naman ng usapin ng dominasyon at pagsasantabi. Ibig sabihin, pulitikal ang usapin ng estetika sapagkat nagluluwal ito ng nosyon ng pagsasantabi, mga pagbubuo ng istiryotipo upang maging lantad ang isang lehitimong estetika na nagmimistulang totoo, maayos at kapaki-pakinabang.

Halimbawa,ang pag-iwas sa mga salitang nagpapabago ng emosyon ng isang tao ay isang uri ng reaksyon iniluwal ng ideolohiya ng krus (ang simbahan, partikular sa relihiyong Kristiano) at ng mga aparato ng batas, mga sistema ng panunupil at sistema ng pagbabalangkas ng *lipunan* upang magmistula itong maayos at payapa. Ang pag-iwas din sa mga salitang itinuturing na bastos ay may kinapapalooobang kasaysayan o saglit sa mismong oras sa pagsambit ng isang bastos na salita. Maaaring sanhi ng edad (bata sa matanda, matanda sa bata), awtoridad (isang sekretarya sa isang boss, isang boss at sekretarya), paniniwala (relihiyon, isang protestante sa katoliko, katoliko sa isang protestante), kasarian (lalake sa babae, babae sa lalake), uri (mayaman sa mahirap, mahirap sa mayaman). Ang ispektrum ng lipunan ay binubuo ng mga antas na nauuri at naisasakategorya. Ibig sabihin, upang higit na mauunawan ang dinamiko ng pagpapakahulugan, marapat ding tukuyin ang kontekstong kinapapalooban nito. Marapat ang pagbabalangkas na ito upang higit na mahimay ang mga pangyayari sa lipunan upang magkaroon ng mga paglilinaw. Maging ang usapin ng mabuti at masama ay nalilikha sa ispektrum ng lipunan: edad, etnisidad, lahi, uri at kultura sa kabuuan. Sa ganitong pagpapalagay kung gayon, ang lipunan ay isang kumplikadong kalakaran. Kung kinikilalang kumplikado ang lipunan, na ugat ng sala-salabat na reaksyon sa isang simpleng salita lamang, maaaring maging malinaw ang mga kumplikadong usapin kung may tampok na mailalatag na dalumat ng pag-aaral sa lipunan.

Kung tutuusin ang pagpapakahulugan sa isang salita ay imahinasyon lamang ng isipan ng tao. Halimbawa, ang pagpapakahulugan sa salitang *libog* ay marapat ituring na dikta/akto ng katawan. Subalit dahil sa ilag na pagtanaw dito na konstruksyon ng mga institusyong panlipuan, tulad ng simbahan, gobyerno at paaralan, nalikha ang simplistikong pagpapakahulugan dito bilang anyo ng pambabastos o taboo na aksyon. Wika ng katawan na lumilikha ng pagpapakahulugan. Ang katawan ay nagmimistulang aktibo sa pagbibigay ng kahulugan. Kaya mula sa ganitong pananaw, malinaw na maaaring lugnay ang salitang libog di lamang sa katawan, kundi maging sa kasarian at kamalayan. Ang salitang libog bilang teksto ay likha ng katawan kaalinsabay ng pagpapakahulugan na naibabalangkas ng kamalayan.

Ito ang kahalagahan ng wika. Ang wika bilang esensyal na sangkap sa komunikasyon, ang wika bilang *signifier* sa isang sini-sinigfy upang higit na maunawaan ang isang masalimuot na usapin. Hindi lamang nakakulong ang wika sa berbal nitong uri. Ang galaw ay isang makapangyarihang wika upang sumuri, tumuligsa, mag-angat ng usapin at magsulong ng pagbabago. Ang galaw ay drama ng buhay. Sa galaw maaaring maukit ang kasaysayan, mga dalamhati, pighati, kabiguan, saya at tagumpay. Ang lipunan ay malaking entablado at pinilakang-tabing sa drama ng buhay, kumplikado, sala-salabat, magulo. Dito maaaring ipasok ang usapin ukol sa dula at pelikula bilang wika sa lipunan sapagkat maaaring ituring ang mga ito bilang matatalinhagang sangkap sa panunuri at pagbibigay ng kahulugan sa lipunan.

Isang angat na istiryotipong pagtingin sa mga likhang sining ng mga baklang manunulat, direktor, aktor at iba pa ay bunsod lamang ng kanilang libog na nararamdaman subalit hindi agad maisakatuparan dahil sa pagbabawal ng lipunan. Ang lipunan bilang lundayan ng isang patriyarkal na kultura ay nagluluwal ng mga nakasulat at di-nakasulat na batas ukol sa marapat maramdaman ng tao. Ang konsepto halimbawa ukol sa erotisismo ang palaging inaangat na kadahilanan upang maisakaturapan ng baklang artista ang kanyang mga pagnanasa. Subalit matagal na itong naisantabi sapagkat kung tutuusin, hindi lang naman talaga sa tawag ng laman ang patuloy na paglikha ng mga baklang artista ng kanilang sining kundi bilang radikal at malikhaing sandata na rin upang makamit ang ninanais nilang pagbago; ang pagtanggap sa kanilang katayuan sa lipunan, ang pagtuligsa sa depektibong batas ng kultura at ang pagpapakilala ng sarili kung saan

ginagamit ang sarili at hinahabing testimonya bilang materyal sa paglikha. Lampas pa dito, maaaring gamitin ang mga likha nilang sining, partikular ang dula at pelikula upang gawing lunsaran ng pagdadalumat sa identidad at kasarian ng bakla sa konteksto ng kulturang Pilipino o ayon sa kinapapalooban nitong kasaysayan.

### Bakit Kinapon ang Bakla Bilang Lalaki? Mga Talinhaga ng Pagkakapon at Lantad na mga Istiryotipo

Malakas ang talinhaga ng kapon na lalaki sa mga dula at pelikulang bakla upang magsasagawa ng pagbabalangkas ng pagdadalumat. Nakapaloob ang konseptong ito sa *paradox* ng *phallocentrism* kung saan nakabase ang manipestasyon ng pagbubuo ng identidad ng kapon na lalaki o ng bakla sa imaheng ginagampanan hindi lamang ng lalaki kundi maging ng mga babae. Kung gayon, ang phallocentrismong binabanggit dito ay higit pa sa dikotomiya ng pagiging lalaki at pagiging babae kundi sa mas malawak nitong konsepto ng heterosekswalidad na nagluluwal sa heterosentrismo.

Bakit pangangailangan ang pagkakapon sa bakla? Una, ito ay upang iluwal ang mga pagsasantabi sa kanya bilang bakla. Ang bakla bilang histerikal, ang bakla bilang sakit, ang bakla bilang katatawanan at ang bakla bilang isang abnormalidad. Pangalawa, mahalaga ang matalinhagang pagkakapon upang mabuo ang identidad ng mga heterosekswal na lalaki at babae bilang mga normal na nilalang na nagtatamo ng mga benepisyo sa lipunan. Ikatlo, upang isakatuparan ang matalinhagang pagkakapon sa mga bakla at pagpapatupad ng mga batas. Tinutukoy ang mga matalinhagang pagkakapon sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga istiryotipo, pagmamalabis sa mga kakayanan ng bakla maging ang mismong pagtatakda sa mga kaya at di-kayang gawin ng bakla sa lipunan. Kung gayon, upang mabaklas ang mga matatalinhagang pagkakapon na ito, marin ang pangangailangan na gawing lundayan ng pag-aaral ang mismong likhang sining na tuwirang pumapaksa sa usapin ng kabaklaan.

Paano tinitingnan ng bakla ang kanyang sarili? Sa unang pagtingin, nagmimistula itong simple: nagkakagusto sa kapwa lalake, nahuhumaling, naiilibugan at oo, napapamahal. Ang asersyon sa sarili bilang isang bakla ay may kaakibat na responsibilidad lalo na sa itinuturing na intelektwal na usapin (halimbawa na dito ang pagdadalumat at sa paggamit ng

kasarian bilang materyal). Mapanupil ang pagtingin ng patriyarkal na lipunan sa mga bakla. Ang pagtingin ng mga heterosekswal sa mga bakla, maging ang pagtingin ng mga bakla sa kanilang sarili. Ang itinuturing na paglaladlad ng kapa ay isang malakas at makapangyarihang pagsasakatuparan ng isang karanasan, ng kasarian sa isang lipunang madalas na banggitin bilang kumplikado. Sa pag-aaral ni Eugene Evasco ukol sa paglaladlad ng kapa, binanggit niya ang ganito:

> Ang pagladlad ay isang panata, isang walang hanggang pakikibaka, pakikipagtunggali at pakikitalad upang ipamukha ang mga maaaring marating at ang maaaring mapaglagumpayan ng *isang bakla*.[1]

Paano nga ba maisasakatuparan ang isang kasarian? Romantisasyon at pagiging abstrakto ang unang pumasok sa aking isipan ng mabasa ko ang tinukoy ni Evasco. Hindi ganoon ka-simple ang pagladlad ng kapa. Isang panata? Paano mabubuo ang isang panata kung wala naman itong itinuturing na matibay na pundasyon lalo na kung ang panatang itinuturing ay nakaukit sa indibidwal na pagsalok ng karanasan. Lalo na't wala itong tinutukoy na materyal sa kasaysayan. Isang walang hanggang pakikibaka? Sa makatuwid, walang wakas sapagkat kinikilala ang lipunan na hindi maaaring magbago. Narito na ang bakla, ang intelektwal na bakla bilang tagapagligtas ng sangkabaklaan. Narito na ang bakla kaya't marapat ng magtago ang mga takot sa bakla. Subalit saan nakukuha ang ganitong asersyon? Paano makikipagtunggali ang bakla kung mismong mga radikal na ideya ay pinalalampas ng ganun na lamang? Katunayan gasgas na ang paggamit sa kalugmukang kinahihinatnan ng mga bakla upang magsagawa ng pag-aaral, pananaliksik maging ng pagdadalumat. Maraming mga nagmimistulang intelektwal na ginagamit ang opresyon upang maging lundayan ng mga pagsusuri. Ano nga ba ang maaaring gamitin? Hindi nga ba't malakas na talinghaga ang opresyon sa sangkabaklaan upang pukawin at baguhin ang isang homophobic na lipunan? Kung tutuusin, isa itong patibong. Ang mahumaling at maging obsesyon ang opresyon sa mga bakla upang makapagluwal ng pagbabago. Kung gayon, ang mga mabilisan at delikadong paglalatag ng mga opresyon sa mga bakla bilang materyal sa pag-aaral ay hindi sapat na batayan bilang lundayan ng mga diskursong panlipunan, partikular sa diskursong pangkasarian. Kung palagiang ipinagpapalagay na may opresyon nga't lantaran ang pagsasantabi sa mga bakla, matapos ang opresyon, maraming nakatiwangwang na katanungan. Ano na ngayon ang maaaring kahinantnan ng pagpapalaya sa bakla, sabihin man natin

na tapos na ang opresyon? Matatapos na rin ba ang patuloy na pag-aaral ng diskurso ukol sa kasarian. Palibhasa'y espesyal ang laging pagtingin sa bakla kung kaya't halos mawasak na upang gawing materyal sa pag-aaral. Kung minsan pa nga sa halip na makapagbigay-kalinawan, lalo pa itong lumilikha ng kumplikasyon. Maraming itong sintomas at ang mga sintomas na ito ang siyang pag-uukulan ng pansin ng ilang bahagi ng papel na ito. Bagamat esensyal ang mga itinuturing na opresyon, marapat na itong alpasan at tumungo sa mas mataas na lebel ng pag-aaral, tulad na halimbawa ng pagbabalangkas ng estetika at pagtataguyod hindi lamang ng *gay studies*, kundi ng *gender studies* sa bansa.

Gamitin halimbawa ang isyu nang paglaladlad ng kapa. Kung tutuusin sakaling magladlad ng kapa ang isang bakla, dito nagsisimula *ang diskriminasyon at hindi pakikibaka. Dito higit* na nararamdaman ang *opresyon dahil ang pagladlad ay sinalok lamang mula sa mga katagang nagmimistulang tagasagip. Isang imahinasyon* ang pagladlad ng kapa at utopia ang itinuturing na pakikibaka. Mistulang hiatus o pagkamanhid sa saglit o *moment* ng itinuturing na tagumpay. Maging ang mga itinuturing na mga opresyon na imahinasyon lamang ay naisasakturapan sa pamamagitan ng katawan. Ang katawan ng bakla bilang lundayan ng opresyong nakaangkla sa kamalayan. Dumadanas ang lahat ng opresyon subalit nakapaloob sa iba't ibang reyalidad. Naisasakatuparan ang opresyon sanhi ng dikta ng katawan. Dumadaan sa proseso ng imahinasyon at naisasakatuparan sa mga lantarang opresyon.

Upang higit na maunawaan ang ugnayan ng dula at pelikula sa kasarian at sa lipunan sa kabuuan, maaaring tukuyin ang tatlong mahahalagang pagpapakahulugan sa sayn (*sign*). Sa pag-aaral ni C.S. Pierce, naglatag siya ng tatlong mahahalagang konsepto ukol dito. Una ang *iconic* o yaong binabanggit na relasyon ng sayn sa binibigyan nito ng kahulugan. Ang *indexical* naman ay ukol sa relasyon nito sa bagay na binibigyan kahulugan (halimbawa, ang usok ay agad na maiuugnay sa sunog) at ang huli ay ang *symbolic* o ang relasyon ng sayn sa *object* na binibigyan nito ng kahulugan subalit nananatiling arbitraryo. Magandang halimbawa nito ay ang wika. Kung iuugnay ito sa dula at pelikula, maaaring banggitin ang mga ito bilang simbolo ng lipunan. Bagamat maaaring banggitin na arbitraryo ang dula at pelikula, dito maaaring humango ng pagdadalumat upang mailatag ang paglilinaw sa lipunan at sa usapin ng identidad ng kasarian. Sa mga dula at pelikulang bakla,

taimtim na makikita ang mga lantad at tagong diskurso ukol sa sosyal na pagkakapon sa mga bakla, nilalabanan man o di-malay na pinapatitindi.

## Kanluraning Teorisasyon ukol sa Katawan at Kamalayan: Pag-aaral nina Stoller, Milette at Gatens

Si Robert J. Stoller, isang kontemporaryong *psychoanalyst* ang unang nag-aral ukol sa mga itinuturing na anomalya sa bayolohikal na katangian ng tao. Tinagurian niya ang *transsexual* bilang isang normal na tao subalit may pagkaligalig sa pag-iisip. Ang anomalyang ito ang pangunahing ideya ni Stoller ukol sa distinksyon ng sex at *gender*. Sa kanyang pagpapaliwanag, ang bayolohikal na katangian ng isang tao (lalake at babae) ay may tendensiyang palawakin, gayunman hindi ito tuwirang masinsinan na pagtingin, ang angkop na *gender identity* para sa sex na tinutukoy (pagkalalaki sa mga lalaki at pagkababae sa mga babae). Dagdag pa niya, ang *gender identity* ng isang tao ay resulta matapos ang pagsilang at tuloy-tuloy sa proseso ng sikolohikal na impluwensiya. Nagsimula sa ina, pamilya, mga institusyon sa lipunan tulad ng simbahan, paaralan, mga batas hanggang sa mga ideolohikal na impluwensya. Ang mga impluwensiyang ito ang nagsisilbing lagusan ng pag-alpas sa bayolohikal na katangian ng tao.

Halimbawa, tinutukoy niya na ang lalaking *transsexual* ay bunga ng aktitud ng ina sa anak mula pagkasilang. Binanggit niya na ang mga sanggol ay nakapaloob sa isang inisyal na piryud ng ugnayan o *symbiosis* sa ina kung saan ang ugnayan na ito ay kinakailangan maputol, lalo na sa kaso ng lalaki, upang magkaroon ng normal na pagkalalaki at pagkababae bilang hiwalay at nagsisilbing kaakuhan na pag-unlad o ang binabanggit na *independent identity*.

Sa kaso ng isang transsexual na lalaki, tumatanggi ang ina na maputol ang kanilang ugnayan ng kanyang anak at upang ito ay magkaroon ng indibidwal na pagkilala sa sarili. Tinukoy ni Stoller na hindi lamang ang tagal ng pakikipag-ugnayan ng ina sa anak ang kinakailangang bigyan-konsiderasyon kundi maging ang pamamaraan ng pagkikipag-ugnayan. Kung titingnan ang anak bilang ekstensyon o bahagi lamang ng kanyang katawan, ang magiging ugnayan ng lalaking anak sa kanyang ina ay ang hindi pag-unlad ng sarili niyang identidad kung kaya't mayroong mga lalaki o sa puntong ito, mga *transsexual*, na tinitingnan ang sarili bilang mga babaeng nakakulong sa katawan ng isang lalaki.

Mula dito, hinango ni Kate Milette ang pagtingin sa aspetong pag-iisip ng sekswal na personalidad bilang resulta matapos ang pagluwal sa sanggol at higit pa, napag-aaralan o dumadaan sa proseso ng pagsasaimpluwensiya.

Isa ito sa mga lundayan o batayan ng paniniwala na noon pa man, walang pagkakaiba sa aspeto ng kasarian mula pa man sa pagsilang kung kaya't mahalagang tingnan ang pagiging pantay ng babae at lalaki, maging ng mga bakla, lesbiana, *transsexual*, *transvestite*, *bisexual* bilang mga pantay na entidad ng kasarian. Dito, binabanggit nagmula ang asersyon ng mga peminista sa pagsulong ng mga pantay na karapatan.

Gayunman dahil sa nagnanais ang lipunan ng itinuturing na kaayusan, kailangang palaganapin ang mga dominanteng pananaw. Ang mga pwersang ito kung tutuusin ay siyang mga behikulo upang maisakatuparan ang mga pagsasantabi. Ang mga dominanteng paniniwala ay nailalantad sa pamamagitan ng mga aparato sa lipunan. Nalilikha ang mga prespektibang mula sa mga dominanteng batas at paniniwala mula na rin sa naghaharing uri. Dito maaaring ipasok ang usapin ukol sa pagiging patriyarkal ng lipunan kung saan nananaig ang mga heterosekswal, hindi lamang mga lalaki. At dahil sa mga dominanteng pananaw na ito sa lipunan, naisasakaturapan ang mga impluwensya sa pamamagitan ng mga batas, pananampalataya upang mabuo ang kulturang macho at patriyarkal.

Mula sa pag-aaral na ito ni Stoller, binaggit ni Moria Gatens ang dalawang mahahalagang asumpsyon upang magsagawa ng mga panibagong pagsasateorya ukol sa katawan at kamalayan;

Una, na ang katawan ay nyutral at pasibo kung iuugnay sa pormasyon ng kamalayan, na hindi maitatanggi bilang rasyunal na pananaw.

Pangalawa, maaaring baguhin ang mahahalagang epekto ng historikal at kultural na pagtangi ng isang nilalang sa mga tanging karanasan na may malay sa pagbabago sa materyal na gawain sa kultura.

Mula dito, maaaring tukuyin na ang konsepto ng likas at likha ay hindi matibay na pundasyon sa pagsasateorya sa aspeto ng kasarian. Marapat lumampas din ang usapin ukol sa nosyon ng emic at etic. Tinutukoy ang emic bilang paglalatag ng representasyon, sa kasong ito sa kasarian ng

bakla o ang mga anyo ng panggagaya at ang etic naman na itinuturing na higit mapagpalayang pagtingin sa bakla ay lantad at tagong makikita sa mga dula at pelikula higit pa sa malawak na sakop ng kulturang popular. Maaaring banggitin ito bilang simplistikong pagtingin o maging simplistikong pagsasateorya upang maipaliwanag ang kumplikado, sala-salabat at masalimuot na usaping pangkasarian. Mula dito, maaaring humugot ng isang sentral na ideya, na sa aspeto ng kasarian, hindi ito ipapasok sa kultura ang usapin ng kasarian kundi ang kultura ang ipapasok sa kasarian. Isang radikal na pagtalakay sa aspeto ng pagbabago ng kamalayang bakla. Kamalayan, hindi kabatiran o simpleng kaalaman lamang. Kamalayan sapagkat may isinusulong na ideolohiya at asersyon sa pagbubuo ng panibagong dalumat at pagsasateorya hindi lamang ng kasarian, kundi maging ng kultura.

Mahalaga ang pagpapanibagong hubog ng kamalayan. Isang mapagpalayang hakbangin upang higit na mapalawak ang kamalayan sa aspeto ng kultura. Hindi lamang ito simpleng pagmamartsa tuwing darating ang araw ng mga bakla at lesbiana tulad ng Gay and Lesbian Pride March o ang pagtatag ng mga organisasyon (eg. U.P. Babaylan, Lagablab, Pro-Gay, U.P. Sappho at iba pa). Hindi ito bonggang selebrasyon na nahulog sa patibong ng romantisasyon; narito kami, espesyal, kilalanin, maganda, isang sub-kultura. Marami na rin ang nagsabing ang paglaya ng bakla ay paglaya ng lipunang Pilipino, subalit hindi ito maiuugat sa ganoon lamang ka-simpleng paglalatag ng mga ideya. Politikal ang isang motibasyon, personal man o kolektibo. Marapat na nakabatay ang ideolohiya sa matibay na pagsusuri ng lipunan at hindi sa isang mabilisang asumpsyon bunsod ng nakapupurgang mga pangyayari sa lipunan.

Kung tutuusin, binabanggit na hindi ang identidad ang marapat gawing problematiko sa pag-aaral ng kasarian sapagkat hindi ito naikakahon. Kung kaya't binanggit ni Moria Gatens na ang marapat bigyan-pansin ay ang pagkakaiba sa sekswalidad. Halimbawa, binanggit niyang hindi simetrikal ang pag-aaral ni Stoller ukol sa mga transsexual na lalaki sa mga *transsexual* na babae sapagkat ang *transsexual* na babae ay bunsod ng kondisyong pang-aapi sa mga kababaihan. Dito ipagpapalagay na ang katawan ng babae ang nagbubunsod ng opresyon kung kaya't ang isang transsexual na babae ay umaalpas sa pagiging babae at bunsod na rin ng impluwensya ng ina sa kanyang anak na babae. Kung ituturing na pasibo ang katawan, mailalagay ito sa alanganin

na kondisyon sapagkat ang katawan at kamalayan ay aktibong nakikisangkot sa pagbubuo ng identidad. Dagdag pa niya,

> *Concerning the neutrality of the body, let me be explicit. there is no neutral body, there are at least two kinds of bodies: the male body and the female body. If we locate social practices and behaviors as embedded in the subject, as we have with perception, rather than "in consciousness" or "in the body" then this has the important repercussion that the subject is always a sexed subject. If one accepts the notion of the sexually specific subject, that is, the male or the female subject, then one must dismiss the notion that patriarchy can be characterized as a system of social organization that valorizes the masculine gender over the feminine gender. Gender is not the issue; sexual difference is. The very same behaviours (whether they be masculine or feminine) have quite different personal and social significances when acted out by the male subject on the one hand and the female subject on the other. Identical social "training" attitudes or if you will, requires conditioning acquire different significances when applied to male or female subjects.*[3]

Kung gayon, mahalaga sa puntong ito ni Gatens na ang mga gawaing panlipunan ay likha at dikta ng katawan. Ang katawan ang siyang nagiging aktibo at ang lipunan ang siyang nalilikha, kaalinsabay ang kultura. Ang kultura sa madali't sabi ay likha ng tao. Anumang bagay na may kinalaman sa gawain ng tao. Aktibo ang katawan sapagkat ito ang lumilikha sa lipunan, hindi ang lipunan ang lumikha sa katawan.

Mahalaga ang pagtingin na ito ni Gatens, sapagkat marapat umiwas sa patibong ng pagiging dogmatiko sa mga teorya. Sa Pilipinas, maraming mga dalubhasa, lalo na sa usapin ng pagsasateorya ukol sa kasarian ang lubog sa mga kanluraning kaalaman. Kung minsan pa nga, pinipilit ipasok sa kultura at lipunang Pilipino kung kaya't sa halip na magkaroon ng kalinawan sa mga bagay-bagay, lalong nagiging kumplikado ang usapin ukol sa kasarian. Subalit hindi ibig sabihin nito na ipagwawalang bahala ang mga esensyal na ideya. Maaari itong paghangunan subalit pangangailangan ang pagsasala, kung alin ang makabubuti at magagamit sa bagong pagsasateorya ng kasarian at paglalapat ng kritisismo ayon sa lipunan at kulturang Pilipino.

Halimbawa, mahalaga ang binanggit ni Dr. Michael Tan, isang anthropologist mula sa U.P. Diliman, ukol sa paglalapat ng mga kanluraning teorya. Sinabi niyang hindi tuwirang lapat ang mga kaalaman at karanasang kanluranin sa lipunang Pilipino. Kung titingnan halimbawa ang usapin sa pagiging bakla, sandamukal ang pagpapaliwanag nito sa kanluran, subalit kung gagamitin ang lipunan at kulturang Pilipino bilang konteksto, hindi naaangkop ang usapin ukol sa homosekswalidad. Isang magandang halimbawa ang pagkakaiba ukol sa salitang homosekswal at sa salitang bakla. Ang bakla ay mula sa karanasang at kulturang Pilipino.[3] May kontekstong kinapapalooban kung kaya't mas angkop gamitin sa mga pag-aaral ng kasarian. Hindi naikukulong ang pagiging bakla sapagkat ito ay nagkakaiba-iba kung kaya't may ilang mga dalubhasa sa kanluran ang halos malito at mahilo sapagkat sa konteksto ng Pilipinas, marami ang karanasang bakla. Multi-vocal ang karanasan ng bakla sapagkat nakapaloob sa multivocal na kultura. Tinatawag na binabae, silahis, badaf, bading at iba pa. May baklang nag-aasawa ng lalake, may baklang-babae, may baklang parlorista, may baklang hindi nagkakagusto sa lalake, hindi nakikipagtalik, may baklang hindi alam na bakla siya at marami pang iba.

Kung gayon, isang hamon sa pag-aaral ng kasarian ang paglalapat ng bagong dalumat. Maaari itong mahalata sa mga sumusunod na yugto. Una ang pagbagtas ukol sa usapin ng identidad at pagkakaiba sa sekswalidad ng pagiging bakla. Nakapaloob ito sa usapin ng pagsasateorya. Sunod ang pagbabagtas ng kamalayan. Esensyal ang usapin ukol sa kamalayan sapagkat dito magkakaroon ng historikal na paglalahad kung paano nga ba naibunsod ang usapin ukol sa *gay liberation movement* sa Pilipinas. Pansinin natin ang dulang *Hanggang Dito na Lamang at Maraming Salamat* na itinanghal noong 1970s. Sa esensya, tinalakay ng dula ang usapin ukol sa paglaladlad ng kapa at pagtatago sa tabing ng kabaklaan. Binabanggit na dahil sa pagiging matagumpay ng dulang ito sa pagtalakay ukol sa isyu ng kabaklaan na noon ay itinuturing na salot sa lipunan, naging isa sa mga daan ang dula upang sumulpot ang usapin ng *gay liberation movement* sa Pilipinas. Matapos maitanghal ang dula, tuloy-tuloy na ang ibang mga manunulat sa paghawi sa tabing ng kabaklaan. Sumulpot ang samu't saring temang nakapaloob sa kabaklaan. Maraming sumunod na mga dula at maging pelikula ang tumalakay sa isyu ng kabaklaan. Huli ang paglalatag ng dalumat ukol sa panunuring pampanitikan na nakaangkla na rin sa panunuri ng lipunan subalit mayroong partikularidad sa usapin ng kabaklaan. May ilan nang nagtangka

sa pagbubuo ng teorya ukol sa panunuring malay sa kasarian subalit nakaangkla pa rin ito sa heterosekswal na batayan tulad ng PMK ni Dr. Lilia Quindoza-Santiago na maituturing hindi simetrikal sa karanasang bakla kung ibabatay sa usapin ng sekswalidad na pagkakaiba. Dito rin nakapaloob ang usapin ng estetika sa pagbubuo ng identidad at kasarian ng mga bakla partikular sa mga dula at pelikula.

### Pagpapanibagong Hubog: Ang Hamon sa Kaalaman, Kabatiran at Kamalayang Bakla sa Konteksto ng Lipunan at Kulturang Pilipino

Kung titingnan (marapat tingnan), at pag-aaralan ang kabaklaan sa kontektso ng kulturang Pilipino, marapat munang ipaliwanag ang usapin ukol sa kultura. Ang kultura ay likha at hindi likas. Kung minsan may nosyon na ang kultura ay nabubuo sa isang komunidad ng may magkakaugnay na karanasan at nagkakaroon ng patuloy na ugnayan (*shared experience*). Subalit ang ugnayan na ito ay hindi palagiang nagkakatugma. Palagian itong nakapaloob sa dikta ng tunggalian sa lipunan. Kung ang lipunan ay likha ng tao, ang tao ay likha na nakikipagtunggali sa maraming aspeto. Una, ang pakikipagtunggali sa kanyang sarili, sunod ang pakikipagtunggali niya sa kanyang kapwa tao at ang pakikipagtunggali niya sa lipunan sa kabuuan. Mahalagang aspeto ang tunggalian sa lipunan sapagkat dito sumusulpot ang patuloy na pag-aaral sa lipunan. Palagiang mayroong bagong tunggalian na bunsod ng maraming kadahilan: ekonomikal, sosyal, putikal, personal at kultural. Ang tunggalian ay bunsod ng relasyon sa produksyon at reproduksyon, ng relasyon ng/sa kapangyarihan. Depektibo ang tao sanhi ng maraming bagay na humuhubog sa kanyang pagkatao, ang kultura.

Kailan ba nagkaroon ng kaalaman ukol sa homosekswalidad, partikular ukol sa kabaklaan? Ang salitang homosekswal ay inimungkahi noong 1896 ng isang Hungarian na manunulat na si Karoly Benkert (o Kertbeny) na siya ring nagmungkahi ng salitang heterosekswal bilang kabaligtaran nito. Sa lantarang pagbansag ng identidad na ito bilang taliwas na sekswalidad at apeksyunal na nasa o *desire*, nagsimula ang walang pakundangang paggamit ng salitang homosekswal sa lahat na aspeto ng lipunan; sa simbahan, paaralan, batas, ekonomiya, mass media, kulturang popular, panitikan at iba pa. Sa puntong ito naging lantad ang salitang homosekswaliti/dad na iniuugnay bilang isang konstitusyunal na pagkakasala at maaaring maging sanhi ng pagpapatalsik sa trabaho, posisyon o anumang katungkulan na may angking kapangyarihan.

Sa konteksto ng Pilipinas, iniuugnay ang salitang homosekswal sa salitang bakla. Kung babalikan ang kasaysayan ayon sa panahon ng pagbibigay ng kahulugan sa salitang bakla/bacla, ayon sa *Vocabulario de la Lengua Tagala* nina Juan de Noceda at Pedro San Lucar, narito ang depinisyon ng salitang bakla;

1. dayain
2. lokohin
3. lokohin sa pamamagitan ng liwanag o kagandahan
4. gamutin sa pamamagitan ng nakapaglilinlang na salita o kataga
5. baguhin ang isang bagay na nakakatakot at nakasindak
6. baguhin ang isang bagay na kaigaigaya o benipisyal[9]

Sa iba pang mga wika sa Pilipinas, narito ang salin ng salitang bakla sa Tagalog:

1. mareng - Chavacano
2. ribong - Bikol
3. linggatung - Kapampangan
4. kalibug - Hiligaynon
5. riribuk - Iluko

Naiiba ang salitang bakla sa salitang homosekswal. Ang bakla ay may kontekstong panlipunan na nakalapat sa kultura at karanasang Pilipino. Kung titingnan halimbawa ang panitikan, maraming mga manunulat ang gumamit ng salitang bakla sa konteksto ng isang katangian na walang kinalaman sa kasarian. Sa *Florante at Laura* at sa iba pang sulatin ni Balagtas, madalas niyang gamitin ang salitang bakla na may kaugnayan sa pagkatakot at/o pagkaduwag. Kung tutuusin ang pagbagtas sa salitang bakla ay masalimuot. Kung papaano babagtasin ang historikal na pagbansag sa isang pagkatao na itinuturing na kakaiba. Gayunman, ang pagbabagtas sa salitang bakla ay hindi kinakailangang gawing isang problematiko. Marapat tandaan na ang wika, bilang panlipunang kalakaran ay kaalinsabay na nagbabago ng lipunan. Gayundin na ang salitang bakla ay isang uri ng pagkakahon ng pagkakahulugan. Sa punto ng imahinasyon, may pangkalahatang imahinasyon ang larawan ng pagiging bakla kaya dito sumusulpot ang mga opresyon at diskriminasyon. Ang pagluluwal ng mga istiryotipo sa mga bakla ay isang pangangailangan ng imahinasyon upang maisakatuparan ang pagbubuo ng isang maayos na lipunan at gayundin sa pagbubuo ng konsepto ng pagkalalaki at pagkababae na

pawang mga imahinasyon lamang. Proseso ng depinisyon ang pangangailangan upang mailantad ang legal at tanggap na kasarian upang magkaroon ng panlipunang kaayusan. Kung gayon mahalaga na pag-ukulan ng pansin ang kontekstuwal ng pag-unlad ng salitang bakla na iniuugnay sa kasarian. Mula dito, higit na magiging malinaw ang paglalapat at pagbaglas ng pagpapanibagong-hubog sa kamalayan at karanasang bakla.

Sa puntong ito, ninanais kong maglatag ng kabatiran sa konsepto ng kabaklaan hindi bilang identidad kundi bilang isyu ng *sexual difference* at konsepto ng pagtatanghal ng sekswalidad sa masining na pamamaraan, ang paggamit ng dula at pelikula bilang lunsaran ng pagtatanghal, sapagkat marapat nang bitawan ang isyu ng identidad upang hindi magmistulang pagkahon na nahuhulog sa patibong ng binaryong pagpapakahulugan. Gayunman, maaaring banggitin na isang uri na ito ng pagkakahon. Kahon nga subalit mas ninanais kong ituring na mas malawak na pagkakahon sapagkat may kontekswal na pagkakaalam, kabatiran.

Mula sa salitang batid, dito nagkakaroon ng kabatiran sa kaalaman. Tiyak na sa yugto ng mga pagsasantabi dahil sa *sexual differences* sa hegemonya ng heterosekswal na kalakarang panlipunan. Batid ang mga kahirapan, opresyon, pagmamalabis at panunupil. Tukoy na ang dominanteng kaayusan sa lipunan sanhi ng patriyarkiya na naisasakatuparan sa pamamagitan ng mga aparato sa lipunan. Batid na kinakailangang magkaroon ng yugto ng pagsulong ng kamalayan. Subalit ang marapat alamin kung anong proseso ang marapat gamitin. Sa pamamagitan ba ng selebrasyon at pagsisigaw sa kalye? Sa pamamagitan ba ng pagbubuo ng mga samahan at radikal na organisasyon? Sa pamamagitan ba nang pagtulak at pilit na pagpasok ng usapin ng karapatan? Anong linya ang marapat panghawakan? Batid lamang kaya mayroong limitasyon. Kabatiran ukol sa kabaklaan at kabatiran ukol sa kinakailangan na pagsulong. Ang kabatiran ay likha ng katawan sapagkat hindi likas ang ugnayan ng katawa't kamalayan sa lipunan. May kakapusan ang kabatiran sapagkat nahuhulog sa konsepto ng jingosimo o ang bulag na pagsunod sa inaakalang pagwawakas ng mga opresyon at panunupil.

Halimbawa hindi naman talaga ako bakla. Bakla ako sa inyong pananaw, maging sa aking pananaw. Bakla ako dahil inamin ko sa inyo.

na bakla ako. Nilikha ko ang aking kamalayan na nilikha ng aking katawan. Hindi ako ang baklang humaharap sa inyo kundi isa lamang akong larawan ng inyong kabatiran, sa inyong imahinasyon. Kayo at ako ang lumikha sa akin bilang bakla. Kapag narinig na kasi ang salitang bakla, dumadaan na ang salita sa proseso ng pagpapakahulugan at ang mga pagpapakahulugang ito'y nakaangkla sa mga karanasan at kaalaman. Hindi ako ang humaharap sa inyo o ang binabasa ninyo ngayon subalit isang larawan lamang ng isang mananaliksik na nagnanais magkaroon ng diskurso sa kasarian partikular sa kabaklaan. Ang pag-iisip na iyan ay likha ng inyong kamalayan maging ng katawan sapagkat iniuugnay ninyo ang inyong sarili (lalake, babae, bakla at iba pa.). Likha lamang ako ng inyong imahinasyon at ng inyong realidad. Ako ang katuparan ng inyong realidad bilang mga tagapakinig at tagapagbasa. Subalit hindi lamang gaanong kasimple ang ugnayan. Maaring nauunawaan ninyo ako, at maaari naman na nalalabuan. Hindi simetrikal ang ating ugnayan bilang mambabasa at ako bilang tekstong binabasa at pinapakinggan. May ilang mga pag-aaral na sinasabing ang mambabasa ang manlilikha ng teksto. Sa pagkakataong ito, ako, ang teksto ang lumilikha sa mambabasa. Dahil sa pamamagitan ng tekstong ito, kayo ang siyang pinaiisip ko't hinayaang paliparin ang imahinasyon at hangganan ng pang-unawa. Nagsasalita ang tesklo. Ang teksto ay mayroong kasarian. Nakapaloob ang aking kasarian sa tekstong ito. Dito makikita ang sining, partikular ang mga dula at pelikula bilang mga tekstong naglalatag upang maisakatuparan ang imahinasyon ng mga manonood ukol sa usapin sa identidad ng kasarian ng mga bakla at ang usapin ukol sa sekswal na pagkakaiba.

Ang dula bilang likhang sining ay naging lundayan ng pagbaklas sa mga opresyong nararanasan ng mga bakla, higit pa, sa bahagi ng papel na ito, maaaring gamitin ang dula bilang lunsaran ng problematisasyon. Kung itinuturing ang dula bilang sining, ito ay teksto. Ang teksto ay may kinapapaloobang konteksto at sa puntong ito, ang usapin ng kabaklaan. Maraming nakapaloob na talinhaga ang dula ukol sa usapin ng kasarian. Maaaring may lantad na ipinapahiwatig ang teksto o maaari rin naman na upang ito ay mahimay, kinakailangan ang mas malalimang pagsusuri. Malayang gumagalaw ang mga tauhan sa dula kung gayon, malaya ring masusuri ang kanilang mga talinhagang iniluluwal na gagamiting materyal sa pagbabalangkas ng dalumat ng estetika upang maisakatuparan ang problematisasyon.

Ang pelikula sa kabilang banda, na tulad ng dula ay hindi nalalayo bilang tekstong maaaring maglatag ng mga materyal upang magkaroon ng diskurso. Isa sa posibleng lundayan ng diskurso ay ang tinatawag na scophohilia. Ayon kay Laura Mulvey may mga pagkakataong nagkakaroon ng pleasure kapag tumitingin sa mga bagay na nakakapag-antig ng pakiramdam ng isang tao, ay gayundin, kapag ang sarili ang siyang tinitingnan ng ibang tao. Dagdag pa ni Mulvey:

> *The cinema satisfies a primordial wish for pleasureable looking. But it also goes further, developing scopohilia in its narcissistic aspect. The conventions of mainstream film focus attention on the human form. Scale, space, stories are all anthromorphic. Here, curiosity and the wish to look intermingle with a fascination with likeness and recognition: the human face, the human body, the relationship between the human form and its surroundings, the visible presence of the person in the world.*[5]

## Balangkas ng Estetika at Ilang Tala sa Dula at Pelikulang Bakla Bilang Talinghaga ng Imahinasyon at Pagpapakahulugan

Kung tutuusin, wala pang gaanong tumututok sa mga dulang bakla sa Pilipinas. Marahil dahil na rin ito sa kontekstong kinapapalooban ng mga akda at mga manunulat nito. Batid natin halimbawa na sa mga naunang dekada, higit na napatampok ang mga dulang radikal at rebolusyonaryo dahil na rin sa kalagayang panlipunan noon (1960s-1970s) ang pagnanais na matapos at wakasan ang rehimeng Marcos. Sunod na sinundan naman ang mga dulang likha at tumatatalakay sa mga babae. Nabuo ang mga teorisasyon ukol sa peminismo at naging sandata naman ito ng mga kababaihan upang baklasin ang mga lantarang paniniil sa kanila. Kaugnay din ito sa usapin ng *literary production* kung saan noon, mga lalaki lamang ang palagiang nalalathala bilang epekto sa pagtingin sa mga babae na marapat lamang sa bahay o dili kaya'y peripiral lamang sa karanasan ng mga lalaki. Subalit gayundin, nabaklas na ito sapagkat dahil sa patuloy na pananaliksik, nabatid na noon pa man, maraming mga babae ang nagsusulat at nalathala subalit nanatiling nasa gilid lamang bunsod na rin ng patriyarkal na lipunan nagkulong sa kanila.

Mangilan-ngilan na rin ang mga dulang naisulat at naitanghal na naglalaman ng usapin ukol sa kabaklaan. Maaaring tingnan ang mga ito

bilang kultural na teksto na gagawing lundayan ng panunuri at pagsasateorya. Testimonyal ang bawat dulang bakla. Bakla ang pangunahing tauhan na nakikipagtagisan sa iba't ibang antas at anyo ng tunggalian, bakla ang manunulat, bakla ang paksain, bakla ang lunsaran ng tunggalian. Ngayon sa panunuri mahalaga ang paglalapat ng bagong kamalayan sa aspeto ng mga dulang bakla. Hayaan ninyong akong maglatag ng mga sumusunod na kamalayan sa panunuri ng mga dulang bakla.

Limang mahahalagang dulang bakla ang nakapaloob sa panunuring ito. Una na ang *Hanggang Dito na Lamang at Maraming Salamat* na isinulat ng yumaong si Orlando Nadres. Katunayan ang dulang ito ang isa sa mga unang tuwiran at lantarang tumatalakay sa isyu ng kabaklaan. Panandang-bato ito sa mga dulang bakla sa konteksto ng lipunan at kulturang Pilipino. Maraming ulit nang naitanghal ang dulang ito sapagkat palagiang mayroong nakikitang bagong inilalatag na ideya. Gayunman, ang panunuri sa dulang ito, at sa iba pang dulang bakla ay nakasaalang-alang lamang sa tekstong nakasulat. Dito babagtasin ang mga estetikang inilalatag ayon sa nakalimbag na teksto. Dagdag pa ni Rosalinda Orosa, isang kritiko:

> *No Filipino playwright had ventured to tread on such forbidden ground. And for obvious reasons. It was therefore in the spirit of derring-do that the young, gifted Orlando Nadres courageously wrote as frank and revealing an expose on homosexuality as any theatergoer could have hope to see on stage...Hanggang Dito na Lamang went beyond its author's modest intention, although it was designed as an experiment ...there was nothing tentative about the result. The play is tightly-structured and thoroughly absorbing, with its share of dramatic conflict, and more importantly, with its keenly perceptive delineation of two main characters – one representing the overt homosexual and the homosexual in disguise...Hanggang Dito na Lamang makes for compelling theater not because of its "sensational" subject but in spite of it...*[9]

Sa dulang *Hanggang Dito na Lamang at Maraming Salamat* na sinulat ng yumaong Orlando Nadres noong Enero 1975, makikita ang pagladlad ng kapa sa dalawang yugto. Pansinin ang linyang binitawan ni Fidel:

> Ako ay ganito kaya, hanggang dito na lamang at maraming salamat. Kay Julie ko lamang inamin ang tunay kong pagkatao. Dahil hirap na hirap na ako. Wala akong makausap tungkol dito. Walang makakaunawa tungkol sa bagay na ito kundi ang katulad namin ni Julie...kami-kami lang. Mga lihim na pag-uusap! Mga pabulong at panakaw na pagtatapatan. Talagang hindi ko ito pagtatapat sa iyo pero...nangyari na...biglang-bigla, natanggal ang aking maskara...alam kong iiwasan mo na ako. At ngayon nga'y magpapaalam ka na sa akin.[7]

Tutok ng dula ang dalawang magkaibigan at ang isang lalaking nililiyag ng pangunahing tauhang si Fidel. Sa puntong ito, nagkaroon ng dalawang pag-amin si Fidel, una sa kanyang kaibigan na si Julie na isang lantad na bakla, at sunod sa isang lalaki. Ang pagladlad ng kapa ni Fidel ay dikta na rin ng kanyang katawan dahil sa pagnanasa niya sa lalaking nililiyag. Ibig sabihin, dahil sa sosyal na pagkakapon kay Fidel, hindi niya ninanais mangyari ang pagtatapat subalit siya'y napilitan dahil sa dikta ng katawan.

Sunod na dula ay ang *Dobol* (itinanghal nitong Hunyo 2001) na sinulat ni Rene Villanueva. Kung tutuusin ang dulang ito ay eksplorasyon sa aspeto ng imahinasyon ng kabaklaan sapagkat tinitingnan ang mga karakter bilang lundayan ng mga diskurso. Kwento ng isang stuntman na may nililiyag na binatilyo ang paksa ng dula. Satirikal ang pagtalakay ng dula sa kabaklaan dahil sa balintunang stuntman na may pantasyang isang serena. Nakatuon ang dula sa pagtalakay ng karaniwang kinahihinatnan ng mga baklang kung tutuusin ay bumibili ng pag-ibig. Sa dula mapapansin na kaakibat ng pagiging bakla ang pantasyang mapunan ang dikta ng kanyang katawan sa pamamagitan ng isang lalaki, ng isang heterosekswal na lalaki bilang talinhaga ng macho at patriyarkal na lipunan.

May mga nalathalang dula sa *Ladlad* na tumatalakay sa isyu na kabaklaan. Una na ang dulang *LFS* o *Last Full Show* na isinulat ni Chris Martinez (1990s). Talinhaga ang sinehan upang maging lunsaran ng sekswal na pagnanasa at kaganapan sanhi ng panunupil ng lipunan. Ang sinehan bilang talinhaga ng paraisong nasa kadiliman at ang mga tauhang bakla bilang mga hayop na nilalang. Mapapansin ang malikhaing pag-iisip ng mandudula dahil na rin sa paghawak niya sa tema ng kabaklaan. Pansinin ang ilang sipi sa dula:

Madalas kasi, inuunahan ako ng takot. O kaya, ng awa sa sarili. Pero madalas na dinadala ako ng lungkot sa mga lugar tulad nito. Madilim. Walang katiyakan. Wala kang maasahan kundi ang pagpapakiramdam.[8]

Sinaliwan ang dula ng kababalaghan, sa halip na pantasya. Sa malalim na pagtalakay, maaaring itong ituring bilang talinhaga ng pagiging bakla ukol sa tunay nitong pagkatao. Inilalatag ng manunulat sa mga manonood at mambabasa kung paano huhusgahan ang bakla o simpleng laruin ang imahinasyon ng mga manonood. Epektibo ang dula sa eksperimentasyon at radikal na pagtalakay sa kabaklaan subalit nahulog naman sa patibong ng pagpapalabo sa isyu ng kabaklaan sa halip na ipakita ang pagsagka sa mga pagsasantabi at pagmamalabis sa mga bakla.

Sunod ang dulang *Kuwan* na isinulat ni Jun Lana. *Setting* ng dula ang *breakwaters* ng CCP kung saan isang angat na talinhaga ng konsepto ng fluidity of sex na binabaklas ang istiryotipong pagtingin sa mga bakla na walang kakayahang magmahal sa mga babae. Karaniwan na kasi ang pagtingin lalo na sa kaniuraning kaalaman na ang mga homosekswal at/o bakla ay nakakahon sa pagnanasa sa kapwa mga lalaki ayon sa bayolohikal na katangian. Kwento ito ng dalawang magkaibigan, isang bakla at isang babae. Pansinin ang dayalogo na higit na umaalpas sa nosyon ng pagiging bakla:

Ewan ko kung ano ako. Gusto kong sabihing lalaki dahil umiibig ako sa babae pero...ewan ko. Sa tinagal-tagal ng pagbili ko ng *Playgirl*, hindi gan'on kadaling sabihin yon. Basta ang mahalaga sa akin, mahal kita.[9]

Huling dula sa antolohiyang ito ay ang *Esprit de Corps*. Isinulat ni Aureus Solito bilang panunuligsa sa machong kalakaran sa military training o paaralan na talinghaga naman ng machong lipunan. Binaklas nito na ang mga itinuturing na lalaki sa lipunan at nakapaloob sa mito o pagkabulag ng lipunan. Huling dulang ipapasok sa panunuri ay ang isinulat ni Tony Perez, ang *K-31* na nalathala sa *Cubao 1980 Unang Sigaw ng Gay Liberation Movement sa Pilipinas*. Kuwento ng sala-salabat na ugnayan ng dalawang magkapatid na lalaki sa kanilang pinsan at sa isang batang maralitang-tagalunsod. Pilosopikal na pananalinhaga sapagkat naglalaro ang imahinasyon ng manunulat at kung saan pinaglalaruan ang imahinasyon din naman ng mga mambabasa.

Marami pang mga dulang bakla ang marapat pagtuunan ng pag-aaral ilan sa mga ito na aking napanood na maaari pang paghanguan ng pagdadalumat ay ang *Kargo Mano* ni Aurues Solito (1993), *Sakurahime* at *Death in a Form of A Rose* ni Anton Juan (1995), *Kung Paano Ko Pinatay si Diana Rose* (1990s) at *Ralph at Claudia* (1990s) ni Rody Vera, at *Pusang Gala* (1990s) ni Jun Lana.

Sa ganitong yugto, masasabing mayaman ang likhang sining ng mga baklang manunulat na tumatalakay sa isyu ng kasarian at identidad ng mga bakla, tuwiran man, pasagi, tago o lantad. Kung kaya't marapat ang patuloy na pag-aaral sa mga likhang-sining na ito.

Kung mayaman ang dula sa pagtalakay sa kabaklaan, may mga pelikulang tuwiran din tumalakay sa paksaing ito. Karamihan sa mga pelikulang tumalakay sa isyu ng kabaklaan ay nakapaloob sa panahon ng dekada 1980s. Mayroon din mga pelikulang di man tuwirang tumatalakay sa kabaklaan, isiningit ang usaping ito sa mas malawak na konteksto. Gamitin nating halimbawa ang pelikulang *Ang Tatay Kong Nanay* (1978). Sentral na tauhan sa pelikulang ito ang isang baklang nag-ampon ng isang batang lalaki. Sa unang sulyap, mapapansin ang tema ng pelikula ukol sa kakayanan at marapat na ibigay na karapatan sa mga bakla na magkaroon ng anak subalit sa mas malalim na pagtalakay at mapapansin ito sa pamagat pa lamang, ang pagtingin sa isang bakla sa pelikulang ito ay mula sa pananaw ng isang bata na maaaring talinhaga ng kamangmangan. Sa kanya nagmumula ang pagkalito kung ang nag-aalaga ba sa kanya ay dapat ituring na tatay o nanay. Sa halip na paglilinaw, inilalatag nito ang pagpapalabo sa usapin ng kasarian. Sa halip na radikal na pagtingin, mas binigyan-prayoridad ng pelikula ang pagpapalabo sa usapin ng kabaklaan. Ang pelikulang ito ay magandang halimbawa sa talinhaga ng panlipunang pagkakapon. Bagamat naglatag ang pelikula ng mga opresyon at pagsasantabi sa mga bakla sa lipunan, di naman nito natugunan ang radikal na pagtalakay sa kabaklaan bilang lehitimong kasarian sapagkat ginawang instrumento ang isip ng isang muwang na bata, na isang lalaki, sa buong pelikula.[10]

Sa pelikulang *Kumander Gringa* (1987), pinakita sa unang sulyap ang pagbaklas sa nanaig na machong kultura noong panahon ng rehimeng Aquino. Sa mga kudeta na nangyari, pinangunahan ito ng mga lalaking sundalo, sa pelikula, lumabas si Gringa bilang rebeldeng sundalo na may kakambal na sundalong lalaki rin. Sa pagtatapos ng pelikula,

matapos ang sala-salabat na aksyon at pagpapatawa, namatay ang lalaking sundalo sa isang labanan at makikita ang eksenang bitbit ni Kumander Gringa ang kakambal. Bagamat masasasabing isang malakas na talinhaga ng pagbaklas sa machong kultura ang pelikulang ito, mapapansin din ang panlipunang pagkapon sa baklang bida sapagkat sa kanya nakapasan ang mga lantad at di-lantad ng mga istiryotipo at opresyon ng lipunan. Kung satirikal mang maituturing ang pelikula, hindi ito umalpas sa pagpapatawa at walang tuon ukol sa radikal na pagsusulong ng karapatan ng mga bakla sa lipunan.

Ang pelikulang *Pusong Mamon* (1999) na isang uri rin ng pelikula na may temang satirikal ay nahulog din sa patibong ng hilaw ng radikal na pagsusulong sa identidad ng mga bakla. Ang di tuwirang pagtalakay ukol sa seryosong pagsasama ng dalawang lalaki ay higit na napalabo ng pagpasok ng karakter ng isang babae. Maaaring sabihing taktika ito ng pelikula upang magkaroon ng samu't saring kumplikasyon ang mga tauhang nakapaloob sa pelikula subalit pansin pa rin ang nanaig na identidad ng mga heterosekswal. Tulad halimbawa sa pagkalito ng mistulang lalaki sa pelikula na nagta-trabaho sa isang paging company kung ano ba talaga ang kanyang isinusulong na identidad, habang ang baklang nakulong sa istiryotipo at talinhaga ng pagluluto ay naging sentro ng katatawanan sa anyo ng pagselos. Ang babaeng karakter naman sa pelikula ay pilit na ipinasok upang sa unang sulyap, maging mas kumplikado ang sitwasyon ng dalawang lalaki subalit naging dahilan upang lalong lumabo ang pagtalakay sa usapin ng kabaklaan.

Ang pelikulang *Markova* (2000) na tumalakay naman sa testimonyal na kasaysayan ng isang baklang biktima ng pagmamalabis ng mga sundalong Hapon noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay kinalugdan ng ibang mga kritiko at manonood. Tinalakay ng pelikula ang pagbabalik sa nakaraan ng isang *comfort gay* subalit kung tutuusin ang kanyang testimonya ay naibunsod lamang dahil sa naunang isyu ng *comfort women* sa bansa. Kung gayon, maaaring ituring ang pelikulang ito bilang ekstensyon lamang ng karanasan ng mga *comfort women* na nagmimistulang walang pinag-iba sa kanila. Hindi naging sapat ang usapin ng kabaklaan dahil natuon ang pelikula ukol sa isyu ng opresyon at hindi sa isyu ng identidad at *sexual differences*.

Bukod sa mga pelikulang tuwirang tumatalakay sa isyu ng kabaklaan, mayroon ding mga pelikulang nakapaloob lamang dito ang isyu ng

kabaklaan. Sa diagram makikita ang ilan sa mga pelikulang ito at ilang maikling pagtalakay sa angkin nitong mga kahinaan:

| Pelikula | Tauhang Bakla | Pagtalakay sa Isyu |
|---|---|---|
| *Timbang Ka Ngunit Kulang* | hayskul titser | kimi, kung tutuusin buong-buo ang pelikula kahit wala ang tauhang ito. |
| *Maynila: Sa Kuko Ng Liwanag* | koturyer | suplado, kostumer, malandi, malibog |
| *Macho Dancer* | mga nagtitiliang kostumer | hanggang tili lang ang katauhan maging ang dayalogo |
| *City After Dark* | koturyer | mataray, subalit mabait, nakaugat ang karanasan sa mga lalaking dumaan sa kanyang buhay, ang bakla bilang histerikal |
| *Moral* | bana na iniwan ang asawa | ekstensyon lamang para sa isang lalake ng katauhan ng babae na pangunahing tauhan sa pelikula |

Maaaring banggitin na tapos na ang usapin ukol sa panitikang bakla ng/sa Pilipinas. Ang panitikang bakla ng/sa Pilipinas ay anumang akdang

pampanitikan tulad ng tula, maikling kwento, sanaysay, nobela, dula at iba pang bago at eksperimental na mga akda na nauukol sa mga bakla, sinulat ng mga bakla at hindi baklang manunulat (subalit nakapaloob ang kaalaman, kabatiran at kamalayan sa kabaklaan) na nakaangkla sa konteksto ng kultura at lipunang Pilipino at nakapaloob sa anumang wika na umiiral sa Pilipinas. Dito binabagtas ang malawakang kontribusyon sa patuloy na pag-unlad ng panitikan ng Pilipinas sa kabuuan. Nakapaloob dito ang historikal na pag-inog ng panitikang bakla mula sa isang anyong pampanitikan na noo'y isinasantabi subalit ngayo'y binigyan ng sapat na espasyo sa pampanitikang produksyon at reproduksyon. Katunayan sa mga nakaraang taon, simula pa noong 1970, nagsimulang umunlad ang panitikang bakla bilang lehitimong akdang pampanitikan na naglalaman ng mga testimonya ng mga baklang manunulat upang maglantad ng mga kamalayang higit na magbibigay-hubog sa kasariang palagian na lamang ikinakahon. Kung gayon, kung kinikilala na ang panitikang bakla sa Pilipinas ay nasa yugto nang patuloy na pag-unlad at pagkilala, radikal na pagpupunyagi ng panitikang bakla, marapat lamang maglatag ng panimulang batayan ng kritisismo. Matagal nang kinilala na ang pamatayan sa panunuring pampanitikan sa kabuuan ay hindi simetrikal sa panunuring pampanitikang bakla sa Pilipinas. At bagamat mayroon nang mga panunuring malay sa kasarian, hindi pa rin ito maaaring itugma sa panunuri sa partikular na akdang pampanitikan na mayroong nakapaloob na kasarian.

Paano ang magiging pagtalakay at panunuri sa panitikang bakla? Sa unang yugto, maaari ikawing ang panunuri sa tauhang bakla sa tradisyunal na uri ng panunuri. Maaari itong hatiin sa tatlong tradisyunal na ugnayan ng isang karakter/pangunahing tauhan[11] na bakla.

1. Ugnayan ng baklang tauhan sa kanyang sarili
2. Ugnayan ng baklang tauhan sa ibang tauhan
3. At ugnayan ng tauhan sa kanyang kapaligiran (mga institusyon tulad ng pamahalaan na naglalatag ng mga batayan sa mga lehitimo at ipinagbabawal, simbahan na naglalatag ng batayan sa masama at mabuti, paaralan na maaaring mag-angat at gayundin higit na magpakahon ng isang kamalayan, dito rin nakapaloob ang isyu ng uring kinabibilangan, lahi, etnisidad, mga paniniwala at iba pa)

## Ugnayan ng Baklang Tauhan sa Kanyang Sarili (Katawan at Kamalayan)

Una ang kamalayan ng baklang tauhan. Dito maaaring ipaloob ang kaalaman, kabatiran at kamalayan ng tauhan ukol sa kanyang kasarian. Kung ano ang kaugnayan nito sa kanyang katawan at pag-iral at pag-unlad ng kanyang kamalayan. Batid ba niya o hindi ang pagiging bakla? Kung may kaalaman, kabatiran at kamalayan, anong proseso ang kanyang dinaanan upang ito'y kanyang matuklasan? Anu-ano ang pwersa sa loob at labas ng kanyang pagkatao? Mayroon bang pangyayari sa kanyang karanasan na nagbunsod ng kanyang pagkatuklas? Ano ang nagsilbing mitsa ng kanyang pagpapanibagong-hubog at pagtanggap sa kanyang katauhan o kalagayan sa kabuuan? Sunod ay ang pagtukoy sa mga kadahilanan upang hindi niya mabatid ang kanyang kasarian. Mga piryud ng pagkalito o pagkaligalig. Maaaring naroon ang pakiramdam subalit hindi matukoy o hindi maipaliwanag. Anu-ano ang humahadlang sa kanyang sarili (katawan at kamalayan) upang hindi niya matuklasan ang sariling pagkatao?

Mahalagang aspeto sa puntong ito ang piryud ng pagtanggap. Matapos niyang malaman, mabatid at maging malay sa kanyang kalagayan, paano at bakit niya ito tinanggap? Sa yugtong ito tutukuyin ang proseso ng paglaladlad ng kapa, mga binitawan at isinukbit na paniniwala at ideolohiya. Matapos magkaroon ng kamalayan, tinalikuran ba niya ang natuklasan o buong-buo itong iniangkop sa kanyang pagkatao? Nakapaloob ito sa yugto ng pagpapanibagong-hubog at kasunod ang pagsulong ng identidad, tuloy-tuloy sa pagkamalay sa sekswal na pagkakaiba. Nakapaloob din dito ang pagbaklas sa mga istiryotipo at ang pagsinsin kung bakit, saan at papaano nagsimula ang pagbaklas.

Sa puntong ito ng pagiging malay, marapat maipaloob dito ang pagsulong ng kamalayang bakla. Paano nga ba ipapasok ang isang kamalayan sa isang sistemang tinitingnan bilang depektibo, nagsasantabi at lundayan ng iba't iba, masalimuot at kumplikadong ugnayan ng kapangyarihan? Kung kinakailangan ang pagpapanibagong-hubog, isang radikal na pagsulong ang pagtakwil sa depektibong kultura. Palagian ng iginigiit ang pagkilala sa itinuturing na iba, subalit palagian din namang may nakikita na pagkukulang at hindi lamang simpleng pagkukulang kundi sala-salabat na aspeto ng pagkukulang.

Kung gayon, ang pagsasateorya at pagpapaunlad ng kritisismong bakla sa kabuuan ay nagkakaroon din ng pagpapanibagong-hubog. Kadalasan, palagiang ikinakawing ang pagsulpot ng kamalayang bakla sa pagsulong ng kamalayan at kilusang peminista. Kung babalikan ang usapin ukol sa mga ugnayan, isang dogmatikong pagtingin na ang kamalayan at kritisimong bakla ay ekstensyon lamang ng kilusan at kamalayan at kristisismong peminista. Bagamat hindi tuwirang itinatakwil ang itinuturing na kontribusyon ng peminismo, marapat lamang sipatin na ang kamalayan, kilusan at kritisismong bakla ay nakapaloob sa sarili nitong entidad. Dito, mahalagang banggitin ang mga sumusunod na asumpsyon:

1. Kung ipanagpapalagay na maaaring balikan ang kasaysayan, maaari itong gawing lundayan ng pagpapanibagong-hubog sa usapin ng kamalayan, kilusan at kritisimong bakla.
2. Ang kamalayang bakla ay hindi nyutral at pasibo na agaran at walang dudang umaagkop lamang sa mga naunang kamalayan tulad ng peminismo, ibig sabihin, mayroon sariling sandali o moments ang pag-usbong at pagsulong ng kamalayan, kilusan at kritisismong bakla.
3. Sa usapin ng kontekstwal na diskursong panlipunan, mahalagang banggitin na ang mga bakla ay nakapaloob sa sarili nitong karanasan at kailanman, hindi maaaring bitbit lamang ng peminismo.
4. Multi ang karanasan ng mga bakla, nasa yugto-yugtong anyo ng pagbabago at patuloy na pagtuklas at pag-unlad.

## Ugnayan ng Baklang Tauhan sa iba pang Tauhan

Sa pagpapalawak ng aspetong ito, kinikilala ang bakla bilang isang nilalang na may kakayahang makipag-ugnayan sa kapwa. Dito nakapaloob ang pakikitungo, pakikipagkapwa, pakikitugma, pakikitunggali at pakikiisa niya sa iba. Subalit ang kanyang pagkikipag-ugnayan sa iba ay umaayon sa kanilang inaangking katayuan at katangian, kaalaman, kabatiran at kamalayan. Kanino ba siya nakikipag-ugnayan, sa lalaki, sa babae, sa kapwa bakla, mayaman, mahirap at iba pang mga angkop at angat na identidad.

Mahalaga sa puntong ito ang apirmasyon maging ang pagtatakwil ng kanyang kasarian. Esensyal ang bawat tauhan upang maiugnay ng baklang tauhan ang kanyang sarili sa iba. Sa pagbubuo ng sarili niyang

identidad at pagbagtas sa sekswal na pagkakaiba, maaaring sumulpot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Anu-ano ang aming pagkakatulad? (katawan, kamalayan, uring kinabibilang at iba pa)
2. Anu-ano ang aming pagkakaiba? (katawan, kamalayan, uring kinabibilangan at iba pa)

Dito babagtasin ang paralelismo ng kanyang karanasan sa konteksto ng kanyang mga nakakaugnayan. At pipiliin, sisimsimin, sasalain ang mga tiyak niyang magagamit upang magsilbing asersyon o gabay sa pagtuklas ng kanyang kasarian, maging ang pagtakwil nito.

Esensyal din naman na makita ang sarili sa mata ng ibang nilalang sapagkat naka-aambag ito sa higit na pagkilala sa sarili. Subalit marapat tandaan, pangangailangan ang pag-iwas sa aspeto ng pagbabalik sa pagiging heterosekswal o heterosentrik na pagbibigay-hubog sa bakla bilang identidad. Dito mababatid ang pagpapasiya ng tauhang bakla kung ano ang magsisilbing kapaki-pakinabang sa kanya at kung alin ang hindi. Kinikilala na maaari itong mahulog sa patibong na upang makilala ang sarili, kailangang makilala ang sarili sa punto de bista ng iba, sa kasong ito ang bakla sa mata ng lalake, babae, bakla, lesbiana at iba pa. Gayunman, naroon ang pagpupursige na mayroong mas malawak na pagkilala sa sarili na hindi kinakalimutan ang sariling pagkakakilanlan at pagpapasiya.

## Ugnayan ng Baklang Tauhan sa Kanyang Lipunang Kinapapalooban

Ang huling sipat sa pagtalakay sa panunuri ay nakapaloob sa yugto-yugtong ugnayan niya sa lipunan sa kabuuan at partikular sa pamahalaan, relihiyon, batas, ekonomiya, edukasyon at iba pa. Sa pakikipag-ugnayan ng bakla sa lipunang kanyang kinapapalooban matutukoy ang mga nalikhang konsepto ng pagsasantabi, pagbabasag, pagkakahon sa kanyang kasarian na maaaring maging lundayan ng kanyang asersyon, maging ng pagtalikod o pagtakwil sa sarili. Gayunman, dito rin maaaring bagtasin ang sinasabing pagtanggap sa mga bakla, usapin ukol sa kaugnayan nito sa *womens' movement*, peminismo, *gay rights* and *welfare* at *gay liberation movement*. Sa mga yugtong ito na nakapaloob sa lipunan, saan niya maaaring ipaloob ang sarili, gayundin ang kinapapalooban niyang proseso ng pagbabago at pag-unlad.

Dito nakapaloob ang usapin ng pamilya, lokalidad, uri, etnisidad at lahi. Ang mga kontekstong ito ay may iba't ibang yugto at dito sinusuri ng tauhang bakla ang pagbubuo ng proseso ng kanyang kamalayan. Babagtasin ang kanyang karanasan ayon sa daloy ng kasaysayan ng lipunan na dinamiko at nagbabago subalit hindi palagiang umuunlad. Kung gayon, dito maaaring tingnan ang pag-usbong ng kamalayan, kilusan at kritisismong bakla sa mas malawak na konteksto subalit may partikularidad sa teksto, subteks at inter-teksto ng pagsisiwalat ng kasarian. Ang mga ito'y esensyal na aspetong itinuturing na magpapaunawa sa karanasang bakla.

Ang pelikula bilang isang sulong na sistema ng representasyon ay may angking mga katanungan ukol sa gawi ng di-malay (na bunsod ng dominanteng kaayusan) na istruktura bilang daan sa pagtingin at nasa sa pagmasid. Maaari itong maging lundayan sa pagkakahabi-habi ng mga subersyon sa mga patriyarkal na lipunan at paglalatag ng mga kahulugan, partikular sa sentral na imaheng ginagampanan ng mga bakla sa isang patriyarkal na lipunan. Ibig sabihin, maaaring gamitin din ang dominanteng kaayusan ng lipunan upang maipaliwanag ang mga lantad na pagsasantabi at masuri ang mga tago nitong pagsasantabi. Ang mga pagsasantabing ito ay makikita sa mga malay at di-malay na gawi ng lipunan.

Ang pelikula bilang behikulo ng pagmamasid ay mayroong mga katangiang tumutugon sa mga manonood na matunton ang kanilang ikinukubling mga pagnanasa at lumilikha sa kanila ng konsepto ng pagkakahiwa-hiwalay at pantasya sa pagmamasid. Ang unang antas dito na tinutukoy ay ang ukol sa sukdulang kontrast sa pagitan ng dilim sa loob ng sinehan (na naghihiwalay sa mga manonood sa bawat isa) at ang paglilipat ng patay-sinding pag-iilaw sa *screen* ay tumutulong sa ilusyon ng pagmamasid na pagkakahiwa-hiwalay. Kahit ang pelikula at ipinapalabas at naroon upang panoorin, ang kondisyong ibinibigay ng palabas at naratibo sa mg manonood ay ang ilusyon sa pagtanaw sa mga mula sa ibang mundo sa pribadong pananaw. Ibig sabihin, dahil sa kalagayang pisikal ng sinehan at ang posisyon ng mga manonood dito, nailalabas nila ang kanilang mga represyon ukol sa eksibisyonismo at ang prodyeksyon ng mga mga ikinukubling pagnanasa sa mga gumaganap sa pelikula.

Pansinin natin halimbawa ang mga pelikula ni Dolphy ukol sa pagiging bakla. Sa pelikulang *Ang Tatay Kong Nanay* ni Lino Brocka, naglatag ito ng isang alternatibong pamilya. Pinagsama ang imahe ng ama at ina sa bakla bilang dikotomiya ng dalawang kasarian. Kapwa naging ama at ina si Dolphy sa kanyang inampon na anak (Niño Mulach). Sa ganito, maituturing na ang katawan ng bakla ang naging lundayan ng pagtatagpo ng dalawang angat na kasarian. Sapagkat ang mga manonood, na maaaring ituring ang karamihan bilang mga heterosekswal, nagkakaroon sila ng pagta-*transcend* ng kanilang di-malay na nasa kapwa maging ama at ina sa kanilang mga anak o magiging anak. Subalit hindi ito maaari. At maaari lamang itong magawa ng isang bakla. Binaklas ng pelikula ang tradisyunal na pagtanaw sa pamilya sa isang lebel. Ang nosyon na buong pamilya na may ama, ina, at anak. Sa ikalawang lebel, binaklas ng pelikula ang matalinhagang pagkakapon sa bakla bilang lundayan ng mga pagsasantabi. Kung tutuusin, ang mga manonood ang siyang naisantabi sapagkat sila ang tinutuligsa ng pelikula. May pagtuligsa sa mga sistemang iniluluwal ng mga institusyon.

## Ang Katawan Bilang Lundayan ng Diskurso: Re-imahinasyon sa Bakla Bilang Kultural at Pangkasariang Teksto

Nabanggit na sa mga unang pahina ng papel na ito na aktibo ang katawan sa pagbibigay-kahulugan sa mga reyalidad at maging imahinasyon sa lipunan. Mahalaga ang paglalatag ng bagong imahinasyon sa bakla upang maigpawan ang mga kanluranin at de-kahon na panunuri't pagsasateorya sa bakla bilang isang kultural na teksto at pangkasariang lundayan ng diskurso. Kung nagkaroon na ng mga naunang imahinasyon sa pagbansag sa bakla, marapat ang paglalapat ng bagong re-imahinasyon sa bakla bilang lantad na kasarian upang makapagbuo ng pagpapanibagong kahulugan.

Ilalatag sa yugto ng panunuring ito ang historikal na pagbagtas sa bakla. Maaaring sumipi ng mga teskto mula sa oral na panitikan ng Pilipinas na maaaring ilatag sa isang sekswal na pagbasa. Maaaring maging lundayan ng tinatawag na proto-baklang panitikang pabigkas na bagaman hindi tuwirang tumatalakay sa kabakalaan, malinaw naman na naglalatag ng diskurso. Halimbawa, ang pagtalakay sa Mito ni Tasu Weh at ang paglalayag sa mundo ng mga bakla nina Kristo at San Pedro.[12]

Sa partikular na pag-aaral ng diskursong bakla, ikakawing ito sa dalawang konsepto; una, ang bakla sa kasaysayan ng panitikan ng Pilipinas, at pangalawa, ang panitikang bakla sa kasaysayan ng panitikan sa Pilipinas. Ang una'y tumutukoy sa pagtalakay sa kasariang bakla, angat o inilalantad ang kasariang bakla. Maaari ding ipasok dito ang proto-baklang pagbasa sa mga akdang hindi tuwiran ang pagtukoy sa kasariang bakla. Ang ikalawa'y pagbagtas na sa mga tiyak na panitikang bakla sa Pilipinas at kung papaano ito ipapasok sa konsepto ng panitikan ng Pilipinas at pambansang panitikan. Tapos na ang usapin ukol sa panitikan ng Pilipinas, ito ang mga akdang naisulat/nailimbag sa loob at labas ng Pilipinas, sinulat ng mga Pilipino at ginamit ang alinmang wikang umiral sa Pilipinas kasama na ang Ingles. Gayunman sa konsepto ng pambansang panitikan, may ilang problematiko kung sino nga ba ang naglalatag ng pamantayan upang matawag ang isang anyo o uri ng panitikan bilang pambansa kung sa konsepto pa lamang ng bansa, nagkakaroon na ng ilang problematisasyon.

Sa historikal na pagdadalumat ng panitikang bakla, marapat lamang itong ikawing sa lipunan bilang konteksto. Kaya marapat lamang bagtasin ang pag-unlad ng panitikang bakla sa pag-usbong din ng kaalaman, kabatiran at kamalayang bakla sa Pilipinas. Marapat ding ikawing dito ang aspeto sa kulturang popular bilang lundayan ng diskurso sa kabaklaan.

Mahalaga ang konsepto ng re-imahinasyon sapagkat bubuo ng panibagong dalumat. Maaari itong isagawa halimbawa sa pangangalap ng mga salaysay ng mga baklang manunulat at kung sa papaanong paraan nila tinitingnan ang sarili sa mga antas tulad ng pagiging bakla at pagiging baklang manunulat. Sa kanila magmumula ang re-imahinasyon sapagkat nakaangkla ito sa sarili nilang karanasan. Mula sa kanilang mga sanaysay bubuo ng bagong pagtingin sa bakla. Layunin nito ang mga sumusunod:

1. Magpanday ng kritisismo at kamalayang bakla sa konteksto ng lipunan at kulturang Pilipino
2. Mapaunlad ang wikang Filipino bilang lundayan ng kritisismo, estetika at pagsasateorya
3. Maglatag ng panimulang batis sa kritisismo at kamalayang bakla na magsisilbing panandang-bato sa pagpapaunlad ng gender studies, partikular sa gay studies sa bansa

4. Maghugot ng karanasan ng baklang manunulat, bilang bakla at manunulat bilang lehitimong materyal at pamantayan ng bagong teorya, estetika at paraan ng kritisismo sa panitikang Pilipino sa kabuuan at panitikang bakla sa partikular at,

5. Magsilbing kontribusyon sa patuloy na pagpapaunlad ng kamalayan at kritisismo sa panitikan, lipunan at kulturang Pilipino sa layunin nitong maging mapagpalaya.

Sa mga nabanggit na ito, marapat lamang na magkaroon ng puwang ang kamalayan, kritisismo at pagsasateorya ng panitikang bakla, at sa bakla bilang kasarian sa kabuuan upang higit na magkaroon ng kaliwanagan sa pandinig sa pi(ni)ping mga sigaw ng bakla at sa imahinasyong tinakluban ng sariling kapa ng lipunan.

Ang pagdadalumat sa kasarian sa konteksto ng lipunan at kulturang Pilipino ay tunay na pangangailangan sa ngayon. Ito ay upang umalpas na sa mga kanluraning pag-aangkin ng mga teorya na hindi umaayon sa ating kultura at lipunan. Marapat ang pagbabalik-tanaw sa ating kasaysayan lalo sa panitikan at mga likhang sining upang maging lundayan ng mga pagdadalumat. Sa ganitong paraan, makakamit ang pag-unlad ng pananaliksik at pagtaaas ng antas ng kaalaman batay na rin sa ating sariling karanasan. Sa pamamagitan din nito, higit na mahihimay ang mga usapin sa pamamagitan ng mga problematisasyong tayo rin ang makatutunton ng mga paglilinaw. ●

## Mga Tala

1 Mula sa artikulong Naisatitik sa "Katawan, Nakalagda sa Pagnanasa: Paano Hinihiraya ang Isang Bakla," bahagi ng antolohiyang *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na Tala ng mga Lesbiana at Bakla sa Sining Kultura at Wika*, di nalimbag na manuskrito. 1999.

2 Gatens, Moria. *Imaginary Bodies, Ethics, Power and Corporeality*. London, New York. Routledge. 1996 p. 8-9.

3 Simposium ukol sa LGBT Rights and Welfare. Faculty Center, CAL, U.P. Diliman July 6, 2000 sa pamumuno ng Amnesty International at The Library Foundation.

4 Rodriguez, Rommel. *Lampas sa Pita ng Laman* nasa antolohiyang *Tabi-tabi sa Pagsasantabi: Kritikal na Tala ng mga Lesbiana at bakla sa Sining, Kultura at Wika*. Evasco, Pineda, Rodriguez. Mga editor, hindi pa nalilimbag na antolohiya. 1999.

5 Mulvey, Laura, *Visual Pleasure and Narrative Cinema, Contemporary Film Theory*. Anthony Easthope, ed. London and New York, 1993.

6 Mula sa isang di nakalimbag na souvenir program.

7 Mula sa introduksyon ni Neil Garcia sa *Ladlad*. 1994.

8 Martinez, Chris. *LFS*, nasa antolohiyang *Ladlad*, Garcia at Remoto, mga ed., Anvil Publishing, 1994.

9 Lana, Rodolfo. Kuwan. nasa antolohiyang *Ladlad*. Garcia at Remoto, mga ed., Anvil Publishing, 1994.

10 Ang pelikulang *Tubog Ka Ginto* ni Lino Brocka ay marapat ding pagtuunan ng pansin. Ukol naman ito sa isang padre de pamilya na nagkaroon ng ugnayan sa kanilang family driver na siyang pinagsimulan ng samu't saring kumplikasyon at gulo sa kanilang pamamahay. Hindi ko pa ito napapanood at sa halip ay nabasa pa lamang sa isang libro ukol kay Lino Brocka. Bukod din sa ang *Tatay Kong Nanay*, dalawa pang pelikulang may tuon sa kabaklaan ang ginampanan ni Dolphy, ang *Facifica Falayfay* at *Fefita Fofongay*.

11 Gagamitin ko sa puntong ito ang salitang karakter o tauhan, subalit hindi lamang ito nakakahon sa dula, kwento o nobela, maaari ring ipasok dito ang usapin ng persona (una, ikalawa at ikatlong persona sa pagsasalaysay ng isang akdang pampanitikan, halimbawa sa tula)

12 Para sa mas malawak na pagtalakay sa dalawang mitong ito, basahin ang artikulong "Lampas sa Pita ng Laman."

## Mga Sanggunian


Benette, Paula and Vernon Rosario II, editors (1995) *Solitary Pleasures: The Historical, Literary and Artistic Discourses of Autoeroticism*. Routledge, London.

Burston, Paul and Colin Richardson, editors (1995) *A Queer Romance: Lesbians, Gay Men and Popular Culture*. Routledge, London.

Easthope, Anthony, editor (1993) *Contemporary Film Theory*. London and New York

De Secco, John, editor (1988) *Gay Relationships*. Harringtong Park Press, New York.

Gatens, Moira (1996) *Imaginary Bodies: Ethics, Power and Corporeality*. Routledge, London

Garcia, Niel and Remoto, Danton, editors (1994) *Ladlad: An Anthology of Philippine Gay Writing*. Anvil Publishing, Manila.

McDowell, Linda and Sharp, Joanne, editors (1997) *Space, Gender, Knowledge: Feminist Readings*. Arnold Press, New York.

Whisman, Vera (1996) *Queer By Choice: Lesbians, Gay Men, and the Politics of Identity*. Routledge, London.